Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Quezon
BAYAN NG POLILLO
-ooOoo-

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HALAW BUHAT SA KATITIKAN NG IKA-APATNAPUT PITONG (47) PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG POLILLO, QUEZON NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG POLILLO, NOONG HUNYO 27, 2017 GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Loel F. Santoalla, | Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo, |
| Kagalang-galang Rufino Rene Q. Marquita, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Rudy S. Pumarada, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Albert R. Agunias, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Efren C. Atendido, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Joel V. Asis, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Hubert Bismarck A. Espiritu, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Walter P. Calleja, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Bella A. Correces, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Edwin P. Susa, | Pangulo-PPLB/Ex-Officio. |

**HINDI DUMALO:**

W a l a.

## RESOLUSYON BLG. 120-2017

**ISANG RESOLUSYONG NAGPAPATIBAY NG ISANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATAKDA NG ISANG MAPANAGUTANG PAG-AALAGA NG ASO AT NAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA SINUMANG MAY-ARI NG ASO NA MAKAKAPINSALA SA PUBLIKO**

**SAPAGKAT**, may Pambansang Kautusan Bilang 9482 na may titulo bilang "The Anti-Rabies Act of 2007;

**SAPAGKAT**, inaatasan ng Department of Interior and Local Government sa pamamagitan ng isang Memorandum Circular na may bilang 2014-56, ang lahat ng mga Governador ng Probinsya, Punong-bayang Panglungsod, Punong-bayang Pang-Munisipalidad, Governador ng Rehiyong ARMM, at mga Direktor Pangrehiyon ng DILG na gumawa ng "Supplementary Issuance To DILG Memorandum Circular No. 2011-030 on the Strict Implementation of the Anti-Rabies Act of 2007";

**SAPAGKAT**, kaakibaat ng pag-aalaga ng aso ang mapanagutang pag-aalaga sa kanila ng sa gayon ay hindi magbunga ng pinsala sa tao at sa kapaligran dahil ang mga alagang aso ay territorial in nature;

**SAPAGKAT**, upang maiwasan o tuluyang masugpo ang pagkalat ng rabies mula sa kagat ng mga alagang aso papunta sa tao;

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

LOEL F. SANTOALLA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**KUNG KAYA AT**, sa mungkahi ni Kon. Albert R. Agunias, na itinukoy at masusing pinag-aralan ng Committee on Clean & Green/Solid Waste Management at ng Committee on Rules and Privileges/Ordinances & Legal Matters sa pangunguna ng Chairman, Konsehal Albert R. Agunias, na iniulat ng Miyembro nito, Kon. Joel V. Asis, ay:

**PASIYAHAN**, tulad ng dito ay ipinasisiya at pinagtitibay, na pagtibayin ang isang Resolusyong nagpapatibay sa isang Kautusang Bayan na nagtatakda ng isang mapanagutang pag-aalaga ng aso at nagpapataw ng kaparusahan sa sinumang may-ari ng aso na makakapinsala sa publiko;

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 115, SERYE 2017**

**ISANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATAKDA NG ISANG MAPANAGUTANG PAG-AALAGA NG ASO AT NAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA SINUMANG MAY-ARI NG ASO NA MAKAKAPINSALA SA PUBLIKO**

*Alinsunod sa kapangyarihang ipinagkaloob ng batas sa Sangguniang Bayan ng Polillo, Quezon ay ipinahahayag ang mga sumusunod:*

**Seksyon I. Layunin:**

a. Naglalayon na maging responsible ang bawat mamamayan sa pag-aalaga ng aso sa loob ng kanilang bakuran, bahay o kung kinakailangan ilabas sa mga pampublikong lugar.
b. Maging ligtas ang publiko na mapinsala ng mga asong ligaw sa mga pampublikong lugar.
c. Maiwasan ang insidente ng Rabies **Virus** Transmission mula sa aso at ang pagkalat nito sa tao.

**Seksyon II. Responsibilidad ng mga nagmamay-ari ng aso:**

Ang lahat ng mamamayan na nagmamay-ari ng aso ay dapat siguruhin na ang kanilang mga alaga ay:

a) May sapat na bakuna laban sa Rabies **Virus**.
b) Nasa loob ng bakuran o bahay lamang ng may-ari.
c) Nakatali kung kinakailangang **pansamantalang** ilabas ng bakuran o bahay.
d) Hindi padudumihin sa labas ng kanilang bakuran o bahay.
e) Nakarehistro sa talaan ng barangay.
g) Sasagutin ang gastusing pang medical at iba pang gastusin kaugnay sa pagpapagamot ng biktima ng pangangagat sa loob ng labing limang (15) araw kung positibong nagtataglay ito ng Rabies Virus.

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

LOEL F. SANTOALLA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**Seksyon III. Responsibilidad ng Lokal na Pamahalaan:**

a. Pamahalaang Pambarangay:

a.1. Magkaroon ng talaan ng lahat ng kabahayan na nag-aalaga ng aso at sistema ng pagbilang sa lahat ng aso sa nalolooban ng barangay at taunang isumite ito sa Opisina ng Pambayang Agrikultor/Beterinaryo.

a. 2. Maglagay ng mga Impounding Area na may maayos na pasilidad para sa mga mahuhuling aso.

a. 3. Magtakda ng taunang pagbabakuna ng aso sa barangay laban sa rabies **virus**.

a. 4. Maiulat sa Rural Health Unit (RHU) office ang anumang insidente ng pagkakagat ng aso sa tao upang maayudahan at masugpo ang pagkalat ng rabies **virus**.

b. Pamahalaang Pambayan:

b. 1. Magkaroon ng pangkalahatang talaan ng kabahayan at sistema ng bilang ng mga sa aso nalooban ng buong bayan ayon sa talaan na isusumite mula sa talaan ng barangay.

b. 2. Magtakda ng taunang pagbabakuna sa lahat ng mga aso laban sa rabies **virus** sa pangunguna ng Pambayang Agrikultor/Pambayang Beterinaryo.

b.3. Siguruhin na mayroong maayos na impounding area ang lahat ng mga barangay.

b.4. Magtakda ng pangkalahatang programa para sa mga aso na walang nagma-may-ari na naaayon sa pambayang kautusan ukol sa karapatan ng mga hayop.

b.5. Taunang siyasatin ang implementasyon ng kautusang bayan na ito na pangunahan ng Opisina ng Pambayang Agrikultor/Pambayang Beterinaryo.

**Seksyon IV. Kaparusahan:**

Sinumang mamamayan na nagmamay-ari ng alagang aso na mapapatunayang lumabag sa Seksyon II ng kautusang-bayan na ito ay papatawan ng;

***Multang nagkakahalaga ng Dalawang Libo at Limang Daaang Piso (Php2,500.00) o serbisyong pangkomunidad na may kabuuang tatlumpong (30) oras sa nalolooban ng Unang Limang buwan simula sa paglabag.***

**Seksyon V. Tagapagpatupad:**

Ang Punong Bayan kasama ang Opisinang kanyang itatalaga sa pamamamagitan ng Office Memorandum Order ang siyang magpapatupad ng Kautusang Bayan na ito kasama ang pagpapatupad ng serbisyong pangkomunidad kung sakali at walang kakayanan ang mamamayang lalabag dito na magbayad ng multa at tanging sa Opisina lamang ng Pambayang Ingat Yaman magbabayad ng kaukulang multa.

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

LOEL F. SANTOALLA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**Seksyon VI. Pagpapalit Sugnay**

Lahat ng Kautusang Tagapagpaganap (Executive Order) at Kautusang Bayan sumasalungat o hindi tumutugma dito ay pinapalitan o binabago matapos na ito ay mapagtibay.

**Seksyon VII. Pagbubukod Sugnay**

Kung may probisyon sa Kautusang Bayan ito na labag o hindi wasto sa isinasaad ng Saligang Batas at Kautusang Pambansa, ang mga natitirang probisyon ay mananatiling may bisa at siyang ipatutupad.

**Seksyon VIII. Pagkakabisa**

Ang Kautusang Bayang ito ay magkakabisa at ipapatupad matapos na ito'y dumaan sa pampublikong pagdinig, katigan ng Punong Bayan, maipaskil ang kopya ng Kautusang Bayang ito sa tatlong (3) hayag na lugar sa nasasakupan ng bayan ng Polillo, at makalipas ang tatlumpung (30) araw matapos na pormal na matanggap ng Sangguniang Panlalawigan ang Sipi ng Kautusang Bayang ito, subalit kung sakaling dumating ang Kapasiyahan ng Sangguniang Panlalawigan na hindi umaayon dito ay agarang ipahihinto ang pagpapatupad nito.

**PINAGTIBAY NG LAHAT.**
Hunyo 27, 2017

x---------------------------------------------------------------------------------------------------x

*Pinatutunayan ko alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 54 at 469 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ang **Resolusyon Blg. 120-2017** sa petsang binabanggit sa unahan nito.*

**MEDICINE C. ASIS**
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**PINATUTUNAYANG WASTO AT GANAP NA PINAGTIBAY:**

**LOEL F. SANTOALLA**
Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo

POSTED
On : July 21, 2017
Until : August 11, 2017
MEDICINE C. ASIS
Secretary to the Sangguniang Bayan I

**LUBOS NA PINAGTIBAY:**

**ENGR. CRISTINA E. BOSQUE**
Punong Bayan
07/20/2017

*Sinipi noong:*
***Hulyo 3, 2017***